



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Marso 22, 2022

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419 o sa kroselius@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, naghain ng kaso sa Lupon sa Pagdinig para tapusin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa Chemtrade

Humantong ang hindi maayos na pagsubaybay sa kulang na pag-uulat ng mga emisyon ng sulfur dioxide sa pasilidad sa Richmond

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na maglalabas ito ng kautusan sa pag-abate para iwasto ang mga paglabag sa kalidad ng hangin dahil sa mga hindi maayos na pagsubaybay ng mga emisyon sa pasilidad sa Richmond ng Chemtrade, sa hiwalay na Lupon sa Pagdinig ng ahensya sa Abril 12 nang 1:30 p.m.

Ang mga paglabag sa kalidad ng hangin ay mula sa isang audit ng System sa Pagsubaybay sa Patuloy na Mga Emisyon ng pasilidad na humantong sa pagkakatuklas ng maraming paglabag at nagbunsod sa masusing imbestigasyon. Ayon sa pagtatantya ng Distrito ng Hangin, ang kulang na pag-uulat ng emisyon ng sulfur dioxide ng Chemtrade ay nasa average na 64 na tonelada taon-taon, ngunit nanatili ito nang mas mababa sa kanilang taunang limitasyon sa permit. Ang pagsubaybay sa pagsunod sa planta ay ginagawa ng System sa Pagsubaybay sa Patuloy na mga Emisyon.

“Mahalaga ang tumpak na magpagsubaybay ng mga emisyon sa mga pasilidad na pang-industriya para matiyak ang ganap na pagsunod sa mahihigpit na regulasyon sa kalidad ng hangin ng Distrito ng Hangin,” ayon kay Damian Breen, senior deputy na tagapagpaganap na opisyal ng mga pagpapatakbo/pagpapatupad sa Distrito ng Hangin. “Ang hindi maayos na pagsubaybay ng Chemtrade ay humantong sa kulang na pag-uulat ng mga emisyon ng sulfur dioxide sa isang komunidad na hirap na hirap na sa pagpaparumi sa hangin. Humihiling kami ng pag-apruba ng kautusan sa pag-abate sa aming Lupon sa Pagdinig para mabilis na mapasunod ang pasilidad at maprotektahan ang kalusugan ng mga residente sa lokal na komunidad.”

Kung aaprubahan ng Lupon sa Pagdinig ang kautusan sa pag-abate, aatasan ang Chemtrade na sumunod bago ang Abril 15, 2022, at magsagawa ng pagsusuri ng pinagmumulan bago ang Mayo 2, 2022.

Tinukoy ng Distrito ng Hangin ang iba't ibang isyu sa misconfiguration ng hardware at software sa System ng Pagsubaybay sa Patuloy na Mga Emisyon ng Chemtrade na nagresulta sa hindi mapagkakatiwalaang pagsukat at pag-uulat ng datos sa sulfur dioxide sa pasilidad. Binili ng Chemtrade ang pasilidad noong 2014 at naniniwala ang Distrito ng Hangin na ang mga isyu na ito ay nangyayari na bago pa ang paglipat ng pagmamay-ari.

Nagbibigay-daan sa transparency ang mga kautusan sa at kaso ng pagbawas ng emisyon na ipinaparating sa Lupon sa Pagdinig, dahil inilalahad ang mga detalye at ebidensya sa isang open forum habang nagbibigay ng oportunidad sa publiko na makibahagi. Ang pagsakdal sa Chemtrade sa Lupon sa Pagdinig ay karagdagang pagpapakita ng transparency na ipinangako ng Distrito ng Hangin sa mga komunidad.

Hinihikayat ang publiko na lumahok at magkomento kapag ipinakita ang kautusan sa pag-abate sa Lupon ng Pagdinig. Puwedeng lumahok ang publiko sa pamamagitan ng Zoom sa Abril 12 nang 1:30 p.m. sa <https://bayareametro.zoom.us/j/83215693198> (webinar ID: 832 1569 3198). Puwede ring mag-sign up ang publiko para sa mga update sa Lupon sa Pagdinig sa <https://www.baaqmd.gov/contact-us/sign-up-for-information>.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Distrito ng Hangin Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Distrito ng Hangin Homepage](#) | [News Releases](#)